

Higit sa 90% ang posibilidad na magagamot ang cancer kung matutuklasan ito nang maaga.



Mangyaring samantalain ang oportunidad na ito upang sumailalim sa mga cancer screening.

Magkakaroon ng mga cancer screening ang Tsu City para sa lahat ng mga residente sa pagitan ng Hulyo 2019 at Marso 2020.

Upang sumailalim sa mga pagsusuring ito, kailangan mong magpresenta ng **“Cancer Screening Coupon.”**

Kung wala kang ganitong coupon, mangyaring bumisita sa isa sa mga health center na nakalista sa likurang bahagi at mag-apply upang makakuha nito.

(Mababasa ang mga detalye sa pamphlet na “Gabay para sa mga Cancer Screening at Medical Examination ng Tsu City sa Unang Taon ng Reiwa” na ipinamahagi kasabay ng Hunyo 16 na isyu ng Public Relations Tsu.)

Paano sumailalim sa mga cancer screening

Piliin ang mga screening na nais mong kuhanin (tingnan ang likurang bahagi), at kung sasailalim ka ba rito nang mag-isa o bilang isang grupo.

Mga Individual Screening

Maaaring sumailalim sa individual screening sa mga kasaping medikal na institusyon sa lungsod. Pumili ng medikal na institusyon mula sa listahang ibinigay sa pamphlet na “Gabay para sa mga Cancer Screening at Medical Examination ng Tsu City” at sa Tsu City website.

Mga Group Screening

Maaaring sumailalim sa group screening sa mga screening facility at health center sa lungsod. Pumili ng petsa/oras at lugar mula sa kalendaryong makikita sa pamphlet na “Gabay para sa mga Cancer Screening at Medical Examination ng Tsu City” at sa Tsu City website.

Mag-schedule ng appointment

Mag-schedule ng appointment sa medikal na institusyong iyong napili.

Mag-schedule ng appointment


Tumawag sa screening facility na iyong napili upang mag-schedule ng appointment. Siguraduhing hawak mo ang iyong screening coupon habang tumatawag.

Screening

Manatiling nasa mabuting pisikal na kondisyon at sumailalim sa screening sa araw ng iyong appointment.

Mga dapat dalhin

1. Cancer Screening Coupon (Mangyaring tandaang hindi ito libreng coupon.)
2. Bayad sa screening *Sa mga hindi kailangang magbayad ng screening, mangyaring magdala ng katibayang dokumento.
3. Health Insurance Card
4. Health Notebook (kung mayroon)



Cancer Screening Coupon

Mga kasaping medikal na institusyon, lugar, petsa/oras

Para sa impormasyon tungkol sa mga kasaping medikal na institusyon at screening facility sa lungsod at mga available na petsa at oras para sa cancer screening, mangyaring tingnan ang pamphlet na “Gabay para sa mga Cancer Screening at Medical Examination ng Tsu City,” ang leaflet na kasama ng iyong screening coupon, o ang Tsu City website.

I-search ang:

Tsu City Cancer Screening





Mangyaring sumailalim sa mga cancer screening upang protektahan ang iyong buhay.



Maaari kang sumailalim sa mga cancer screening na inihahandog ng Tsu City sa halagang mas mababa kaysa sa aktwal na presyo. Makikita sa ibaba ang mga kwalipikadong edad at halagang babayaran ng mga hindi sakop ng insurance.



*Mga kwalipikadong edad simula Marso 31, 2020.

Screening	Mga Kwalipikadong Residente	Deskripsyon	Bayad (yen)	
			Individual Screening	Group Screening
Cancer sa tiyan	Kalalakihan at kababaihang nasa edad 40 pataas Mga ipinanganak bago ang Marso 31, 1980	X-ray examination	3,500	1,000
	Kalalakihan at kababaihang may edad na even number mula 50 pataas *Kwalipikadong tumanggap ng X-ray examination (barium) o endoscopy (gastrocamera) ang mga may edad na even number mula 50 pataas.	Endoscopy	4,800	3,000 Sa mga screening facility
Cancer sa baga	Kalalakihan at kababaihang nasa edad 40 pataas Mga ipinanganak bago ang Marso 31, 1980	X-ray examination	800	500
		X-ray examination at sputum cytology (kung kinakailangan batay sa mga resulta ng health questionnaire)	2,000	1,200
Colorectal cancer	Kalalakihan at kababaihang nasa edad 40 pataas Mga ipinanganak bago ang Marso 31, 1980	Dalawang araw na immunological fecal occult blood test	1,000	500
Cervical cancer	Kababaihang nasa edad 20 pataas Mga ipinanganak bago ang Marso 31, 2000	Cervical cancer examination	1,900	1,000
		Cervical cancer examination at uterine cancer examination (kung kinakailangan batay sa mga resulta ng health questionnaire)	2,900	/
Cancer sa suso	1. Kababaihang may edad na even number sa pagitan ng 40 at 60 2. Kababaihang nasa edad 61 pataas na hindi pa sumasailalim sa mammography na itinaguyod ng Tsu City noong nakaraang fiscal year	X-ray examination ng suso (mammography)	2,100	1,500
	1. Kababaihang nasa pagitan ng edad 30 at 39 2. Kababaihang may edad na odd number sa pagitan ng 41 at 59	Ultrasonography ng suso (echo)	1,600	1,000
Hepatitis virus	Mga taong 40 taong gulang at mga nasa edad 41 pataas na hindi pa sumasailalim sa mga dating eksaminasyon para sa hepatitis virus na itinaguyod ng Tsu City	Blood test: Hepatitis virus examination (B antigen at C antibody examination)	1,200	700

*Hindi kasali sa pagbabayad ng screening (buo o bahagi ng bayad) ang mga residente ng Tsu City na miyembro ng National Health Insurance, mga nasa edad 75 pataas, mga miyembro ng sambahayang hindi kailangang magbayad ng resident tax (hindi kailangang magbayad ng resident tax ang lahat ng miyembro ng sambahayan), at mga miyembro ng sambahayang nakatatanggap ng tulong pinansyal.

Contact ☎	Contact ☎	Contact ☎
Health Promotion Division 229-3310	Geinou Health Center 266-2520	Ichishi Health Center 295-0112
Chuo Health Center 229-3164	Misato Health Center 279-8128	Hakusan Health Center 262-7294
Hisai Health Center 255-8864	Anou Health Center 268-5800	Misugi Health Center 272-8089
Kawage Health Center 245-1212	Karasu Health Center 292-4183	